

Ang mga Kaaasalan sa Islam



الأخلاق في الإسلام
ترجمه إلى اللغة الفلبينية
شعبة توعية الجاليات في الزلفي
الطبعة الثالثة: ١٤٢٢/٩ هـ.

ح شعبة توعية الجاليات ، ١٤٢١ هـ

فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر
شعبة توعية الجاليات (الزلفي)
الأخلاق في الإسلام - الزلفي
... ص؛ ... سم
ردمك: ٩٩٦٠-٨١٣-٨٣-٥

(النص باللغة الفلبينية)
١- الأخلاق الإسلامية

أ- العنوان

٢١/٠٧٠٢

ديوي ٢١٢,٢

رقم الإيداع: ٢١/٠٧٠٢
ردمك: ٩٩٦٠-٨١٣-٨٣-٥

الصف والإخراج: شعبة توعية الجاليات في الزلفي

الْخُلُقُ فِي الْإِسْلَامِ

Ang mga Kaasalan sa Islam

Ang papuri ay ukol kay Allah at ang pagbabati at ang pagpapala ay ukol sa Sugo ni Allah. Pinupuri natin si Allah na nagkalooob sa atin ng pagpapala ng Islam, nag-udyok sa atin na magkaroon ng marangal na mga kaasalan at naghanda para roon ng malaking gantimpala.

Ang pagkakaroon ng mga marangal na mga kaasalan ay isa sa mga katangian ng mga propeta at mga matuwid na tao. Sa pamamagitan nito ay umaangat ang antas ng tao. Inilarawan ni Allah ang Kanyang Propetang si Muhammad (SAS) sa pamamagitan ng isang talata ng Qur'an na nagbibigay-buod sa taglay niyang mga magandang kaasalan. Nagsabi si Allah (68:4):

﴿وَإِنَّكَ لَعَلَىٰ خَلْقٍ عَظِيمٍ﴾ [القلم: ٤]

“At tunay na ikaw (Muhammad) ay talagang nagtataglay ng dakilang kaasalan.”

Ang kagandahan ng asal ay nagreresta ng pagmamahalan at pagkakapalagayang-loob. Ang kasagwaan ng kaasalan naman ay nagbubunga ng pagkakamuhian at pagkakainggitan. Ang epekto ng magandang kaasalan ay malinaw rito sa mundo at sa Kabilang-buhay para sa sinumang naging maganda ang kanyang kaasalan at pinagbuklod ni Allah sa kanya ang pangingilag sa pagkakasala at ang kagandahan ng kaasalan. Nagsabi ang Sugo (SAS):

أَكْثَرُ مَا يَدْخُلُ النَّاسُ الْجَنَّةَ تَقْوِيَ اللَّهُ وَحْسَنُ الْخَلْقِ

“Ang pinakamadalas na magpapapasok sa mga tao sa Paraiso ay ang pangingilag sa pagkakasala kay Allah at ang kagandahan ng kaasalan.”

(Itinala ito nina Imám at-Tirmidhí at Imám al-Hákim)

Ang kagandahang asal ay ang kasáyáhan ng mukha, ang pagkakaloob ng nakabubuti, at ang pagpipigil sa pamiminsala sa mga tao. Kalakip din nito ang umaalinsabay sa isang tunay na Muslim na kagandahan ng pananalita, pagpipigil at pagkukubli ng galit, at pagtitiis sa kapinsalaan. Nagsabi nga ang Sugo (SAS):

بَعْثَتْ لِأَقْمَمِ الْمَكَارِمِ الْأَعْلَاقِ

“Ipinadala ako upang aking lubusin ang marangal ng mga kaasalan.”

(Itinala ito nina Imám Ahmad, Imám al-Bayhaqí at Imám al-Hákim)

Nagtagubilin ang Propeta (SAS) kay Abú Hurayrah sa pamamagitan ng sinabi niyang ito:

يَا أَبَا هُرَيْرَةَ، عَلَيْكَ حُسْنُ الْخَلْقِ

“O Abú Hurayrah, kailangang magkaroon ka ng magandang kaasalan.”

Nagsabi si Abú Hurayrah: “At ano po ang magandang kaasalan, O Sugo ni Allah?” Nagsabi siya:

. تَصْلِيْلُ مِنْ قَطْعَكَ، وَتَعْفُرُ عَمَّنْ ظَلَمَكَ، وَتَعْطَى مِنْ حَرْمَكَ

“Pananatilihin mo ang kaugnayang pangkamag-anak sa pumutol niyon sa iyo, pagpapaumanhinan mo ang naniil sa iyo, at bibigyan mo ang nagkait sa iyo.”

(Isinalaysay ito ni Imám al-Bayhaqí)

Tingnan mo kapatid na Muslim ang malaking epekto at ang masaganang gantimpala sa kapuri-puring katangiang ito sapagkat nagsabi ang Sugo (SAS):

إِنَّ الرَّجُلَ لِيُدْرِكَ بِحُسْنِ خَلْقِهِ دَرْجَةَ الصَّانِمِ الْقَائِمِ

“Tunay na ang tao ay talagang hahantong, sa pamamagitan ng kagandahan ng kanyang kaasalan, sa antas ng isang nag-aayuno [sa maghapon] at nagdarasal [sa gabij].”

(Isinalaysay ito ni Imám Abú Dáwud.)

Ibinilang din ng Sugo (SAS) na ang kagandahan ng kaasalan ay bahagi ng kaganapan ng Pananampalataya sapagkat nagsabi siya:

أَكْمَلَ الْمُؤْمِنِينَ إِيمَانًا أَحْسَنُهُمْ خَلْقًا

“Ang pinakaganap sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa kaasalan.”

Pagbulay-bulayan mo kapatid ang sabi ng Sugo (SAS):
أَحَبُّ النَّاسِ إِلَى اللَّهِ أَنْفَعُهُمْ، وَأَحَبُّ الْأَعْمَالِ عِنْدَ اللَّهِ - عَزَّ وَجَلَّ - سُرُورٌ تَدْخُلُهُ
على مسلم، أو تكشف عنه كربة، أو تقضي دينا، أو تطرد عنه جوعا، ولأن
أمشي مع أخي المسلم في حاجة أحب إلى من أن اعتكف في المسجد شهرا.

“Ang pinakanaiibigan ni Allah sa mga tao ay ang pinakakapaki-pakinabang sa kanila at ang pinakanaiibiga

pitagan sa mga gawain ay na magpapasok ka ng lugod sa isang Muslim o magpapawi ka sa kanya ng pighati o mag-aalis ka sa kanya ng pagkakautang o magtatataboy ka ng gutom palayo sa kanya. At na maglakad ako kasama ng aking kapatid na Muslim dahil sa isang pangangailangan ay higit na kaibig-ibig sa akin kaysa sa manatili ako sa masjid nang isang buwan.”

(Isinalaysay ito ni Imám at-Tabráni.)

Kapatid n Muslim, ang pananalitang kaaya-aaya at malumanay na iyong sasabihin ay ipagkakamit mo ng gantimpala at magiging isang kawanggawa mo sapagkat nagsabi ang Sugo (SAS):

وَالْكَلْمَةُ الطَّيِّبَةُ صَدَقَةٌ

“Ang mabuting pananalita ay kawanggawa.”

(Isinalaysay ito nina Imám al-Bukhári at Imám Muslim.)

Ang lahat ng iyon ay dahil sa ang mabuting pananalita ay may kapuri-puring epekto. Ito ay nagpapalapit sa mga puso, makapagpapaibig sa mga tao, at nag-aalis ng pagkakalayuan ng loob.

Ang mga pag-aatas ng Propeta (SAS) hinggil sa paghihimok na magkaoon ng magandang kaasalan at magtiis sa pasakit ay marami. Ang ilan sa mga ito ay ang sabi ng Sugo (SAS):

اتق الله حيئماً كنت، واتبع السينة الحسنة تمحها، وخلق الناس بخلق حسن.

“Mangilag kang magkasala kay Allah saan ka man naroon. Pasundan mo ang masamang gawa ng mabuting gawa na papawi roon. Pakitunguhan mo ang mga tao ng magandang asal.”

(Isinalaysay ito ni Imám at-Tirmidhí.)

Kapag ang magandang asal ng isang Muslim ay nananatili sa kanya sa lahat ng pook at sandali, mapapamahal siya sa mga tao, at mapapalapit sa kanila sa bawat ng landas na tatahakin niya at sa bawat pook na pupuntahan niya. Pati na ang sansubo na isinusubo niya sa bibig ng kanyang maybahay ay ginagantimpalaan iyon sa Islam. Nagsabi ang Sugo (SAS):

وإنك مهما أنفقت من نفقة فهي صدقة، حتى اللقمة ترفعها إلى في أمر أنتك.

“Tunay na ang anumang ginugol mo na dapat gugulin, iyon ay kawanggawa: pati na ang sansubo na isinusubo mo sa bibig ng iyong maybahay.”

(Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.)

Mahal na kapatid, ang mga mananampalataya ay mga magkakapatid. Kinakailangan sa isang Musllim na ibigin niya para sa kanyang kapatid ang naiibigan niya para sa kanyang sarili. Tingnan mo ang naiibigan ng iyong sarili at ipagkaloob mo rin sa kapatid mong Muslim at ang kinasusuklaman mo ay ilayo mo sa kanya. Kaingat ka sa panlalait sa sinumang naniniwala kay Allah bilang Panginoon, sa Islam bilang relihiyon at kay Muhammad (SAS) bilang Sugong Propeta. Nagbabala na ang Sugo (SAS) hinggil doon sa pamamagitan ng sinabi niya:

بحسب امرئ من الشر أن يحقر أخاه المسلم.

“Sapat na sa isang tao bilang kasamaan na hamakin niya ang kanyang kapatid na Muslim.”

(Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

Kapatid na Muslim, mayroong madaling daan at magaan pag-samba sa bawat sandali. Nagsabi ang Sugo (SAS) kay Abú ad-Dardá':

ألا أدلّك على أيسير العبادات وأهونها على البدن؟

“Nais mo bong ituro ko sa iyo ang pinakamadali sa mga pagsamba at ang pinakamagaan sa mga ito sa katawan?”
Nagsabi si Abú ad-Dardá': "Opo, Sugo ni Allah." Kaya nagsabi siya:

عليك بالصمت، وحسن الخلق، فإنك لن تعمل مثلها.

“Kailangang palagi kang tumahimik at magkaroon ng magandang kaasalan sapagkat tunay na ikaw ay hindi na makagagawa ng tulad ng mga ito.”

Ang gantimpala ng mananampalataya sa kagandahan ng kanyang kaasalan ay katumbas ng gantimpala ng isang mananampalatayang nagdarasal sa buong magdamag at nag-aayuno sa buong maghapon. Samakatuwid ang isang mananampalataya, gaya nga ng sinasabi ng Saugo (SAS) ay:

ليدرك بمحس خلقه درجة الصائم القائم

“talagang hahantong, sa pamamagitan ng kagandahan ng kanyang kaasalan, sa antas ng isang nag-aayuno [sa maghapon] at nagdarasal [sa gabij].”

Alinsunod sa pananaw na ito, ang kagalang-galang na Sahábí na si Abú Dardá' (RA) ay nagsasabi noon: "Ang

taong Muslim ay [maaaring] nagpapaganda ng kanyang kaasalan hanggang sa papasukin siya ng kagandahan ng kanyang kaasalan sa Paraiso at [maaaring] nagpapapangit ng kanyang kaasalan hanggang sa papasukin siya ng kapangitan ng kanyang kaasalan sa Impiyerno.”

Ang mga Tanda ng Kagandahan ng Kaasalan

Natipon ang mga tanda ng kagandahan ng kaasalan sa sumusunod na ilang mga katangian: dapat ang tao ay madalas sa pagsasaalang-alang sa kahihyan, hindi namininsala hangga't maaari, matuwid, tapat sa pananalita, kaundi sa salita, marami sa gawa, kaundi sa mga pagkakamali, kaundi sa mga walang kabuluhang salita, mabuti, mapagpanatili ng kaugnayan sa mga kamag-anak, matiisin (o pasensyoso), mapagtanaw ng utang na loob, malugurin, matimpiin, malinis sa pamumuhay, mahabagin, hindi palamura, hindi mapanglait, hindi tsismoso, hindi mapanglibak, hindi mapusok (padalus-dalos), hindi mapagtanim ng galit, hindi maramot, hindi mainggitin, masayahin, matuwain, nagmamahal alang-alang kay Allah, nasisiyahan alang-alang kay Allah at nagagalit alang-alang kay Allah.

Ang taong may magandang kaasalan ay nagtitiis sa pamiminsala ng mga tao at naghahanap palagi para sa kanila ng maaaring maidahilan sa ginawa nila na mga kamalian. Nagsisikap siya nang labis sa pag-iwas na subaybayan ang kanilang mga kamalian at hanapin ang kanilang mga kapintasan. Ang tunay na mananampalataya ay hindi maaari, sa anumang kalagayan, na masama ang kaasalan.

Ang Propeta (SAS) ay nagbibigay-diin sa maraming pagkakataon sa kahalagahan ng kagandahan ng kaasalan at sa bigat ng gantimpalang tatamu hin ng nagtagtaglay ng magandang mga kaasalan. Ayon sa sinabi ni Usámah ibnu Sharík: Kami noon ay nakaupo sa tabi ng Sugo ni Allah (SAS) nang puntahan siya ng mga tao. Pagkatapos ay nagsabi sila: “Sino ang pinakaibig ni Allah sa mga lingkod ni Allah?” Nagsabi siya (SAS):

أَحْسَنُهُمْ أَخْلَاقًا

“Ang pinakamaganda sa kanila sa kaasalan.”
(Itinala ito ni Imám at-Tabráni.)

Ayon naman sa sinabi ni ‘Abdulláh ibnu ‘Umar (RA):
Narinig ko ang Sugo ni Allah (SAS) na nagsasabi:

أَلَا أَخْبِرُكُمْ بِأَحْسَنِكُمْ إِلَيِّي، وَأَقْرِبُكُمْ مِنِي مَجْلِسًا يَوْمَ الْقِيَامَةِ؟

“Ninanais bang ipabatid ko sa inyo ang pinakaibig ko sa inyo at ang pinakamalapit sa inyo mula sa akin sa upuan sa Araw ng Pagkabuhay?”

Nagsabi sila: ‘Opo, o Sugo ni Allah.’ Nagsabi siya:

أَحْسَنُكُمْ خَلْقًا

“Ang pinakamaganda sa inyo sa kaasalan.”
(Itinala ito ni Imám Ahmad.)

Nagsabi pa ang Sugo (SAS):

مَا مِنْ شَيْءٍ أَثْقَلَ فِي مِيزَانِ الْعَبْدِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ مِنْ خَلْقٍ حَسْنٌ...

Wala nang bagay na higit na mabigat sa timbangan ng [mga gawa ng] tao sa Araw ng Pagkabuhay kaysa sa kagandahan ng kaasalan....

Ang mga Kaasalan ng Sugo (SAS)

Ang Sugo ni Allah (SAS), sa gitna ng kanyang mga Kasama, ay isang mataas na halimbawa para sa kaaasalang ipinangangaral niya. Itinatanim niya sa gitna ng kanyang mga Kasama ang mataas na kaasalan sa pamamagitan muna ng pagsasabuhay niya bago niya itinatanim ito sa pamamagitan sinasabi niya na mga karunungan at mga pangaral.

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): “Pinaglingkuran ko ang Sugo ni Allah nang sampung taon. Sumpa man kay Allah, hindi siya nakapagsabi sa akin kailanman ng isang pabalang na salita at hindi rin siya nagsabi sa isang bagay [na nagawa ko], ‘*Bakit mo ginawa ang ganyan? Bakit hindi mo gawin ang ganyan?*’” (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

Ayon pa rin sa sinabi ni Anas (RA): “Naglalakad ako noon kasabay ng Propeata (SAS) na nakasuot ng balabal na magaspang ang kuwelyo. Naabutan siya ng isang Arabeng taga-disyerto at hinaltak siya nito nang malakas na pagkakahatak sa leeg hanggang sa nakita ko ang ibabaw ng balikat ng Sugo ni Allah (SAS). Bumakat na rito ang kuwelyo ng balabal dahil sa lakas ng pagkakahaltak. Pagkatapos ay nagsabi ito: “O Muhammad, mag-utos ka na bigyan ako mula sa kayamanan ni Allah na nasa iyo!” At nilingon ito ng Sugo ni Allah (SAS), tumawa siya at nag-utos siya na bigyan ito ng kaloob. (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.)

May nagtanong kay ‘Á’ishah, ang maybahay ng Propeta (SAS): “Ano ang ginagawa niya (Propeta) noon sa kanyang bahay?” Nagsabi ito: “Siya noon ay nasa paglilingkod ng kanyang mag-anak at kapag dumating ang [oras ng] Saláh ay

nagsasagawa siya ng wudú' at nagpupunta sa Saláh." (Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

Ayon naman sa sinabi ni 'Abdulláh ibnu al-Háirth: "Wala akong nakita isang [tao na] higit na palangiti kaysa sa Sugo ni Allah." (Isinalaysay ito ni Imám al-Tirmidhí.)

Ang nalalaman sa ilan sa mga katangian ng Sugo (SAS) ay na siya ay mapagbigay na hindi nagmamaramot, matapang na hindi tumatalikod kailanman sa katotohanan, makatarungan na hindi lumalabag kailanman sa katarungan sa paghahatol, at matapat na mapaggakatiwalaan sa buong buhay niya. Ayon sa sinabi ni Jábir (SAS): "Hindi nahilingan ang Propeta (SAS) at nagsabi siya ng hindi."

Nakikipagbiruan siya noon sa kanyang mga Kasama, nakikihalubilo siya sa kanila, nakikipaglaro siya sa mga anak nila at pinauupo niya ang mga ito sa kanyang kandungan, tinutugon niya ang paanyaya, dinadalaw niya ang maysakit, at tinatanggap niya ang dahilan ng nagdadahilan. Tinatawag niya ang kanyang mga Kasama sa pinakaibig nilang mga pangalan nila. Hindi niya sinasabat ang sinuman sa pananalita nito.

Ayon sa sinabi ni Abú Qatádah (RA): Nang dumating ang lupong kumakatawan sa Najáshí (Hari ng Ethiopia) ay tumayo siya upang paglingkuran sila. Kaya nagsabi sa kanya ang kanyang mga lingkod: "Makasasapat na po kami para sa iyo." Kaya nagsabi naman siya:

إِنَّهُمْ كَانُوا لِأَصْحَابِنَا مُكْرَمِينَ، وَإِنِّي أَحُبُّ أَنْ أُنْتَ كَافِهِمْ.

"Tunay na sila ay mga mapagbigay sa ating mga Kasama at tunay na ibig kong gantihan sila."

At nagsabi pa siya:

إِنَّمَا أَنَا عَبْدٌ كَمَا يَأْكُلُ الْعَبْدُ، وَأَجْلِسُ كَمَا يَجْلِسُ الْعَبْدُ.

“Ako ay isang lingkod lamang; kumakain ako tulad ng pagkain ng lingkod at umuupo ako tulad ng pag-upo ng lingkod.”

Sumasakay siya sa asno, dumadalaw siya sa mga dukha at nakikiupo siya sa mga maralita.

Ang Katapatan

Tunay na ang isang totoong Muslim ay tapat sa kanyang Panginoon at sa lahat ng tao. Sa lahat ng sandali ay tapat sa kanyang pananalita at tapat sa kanyang mga gawain. Nagsasabi si Allah (9:119):

﴿فَيَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ وَكُوْنُوا مَعَ الصَّادِقِينَ﴾ [التوبه: ١١٩]

“O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at maging kasama kayo ng mga matapat.”

Ayon naman sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): “Walang kaasalang higit na kinatumuhian ng Sugo ni Allah (SAS) kaysa sa pagsisinungaling...” (Itinala ito ni Imám Ahmad.)

May isang nagtanong sa Sugo ni Allah (SAS): “Ang mananampalataya ba ay maaaring maging duwag?” Nagsabi siya: **“Oo.”** May nagsabi sa kanya: “Ang mananampalataya ba ay maaaring maging maramot?” Nagsabi siya: **“Oo.”** May nagsabi sa kanya: “Ang mananampalataya ba ay maaaring maging sinungaling?” Nagsabi siya: **“Hindi.”** (Isinalaysay ito ni Imám Málík.)

Ang pagsisinungaling tungkol sa relihiyon ay kabilang sa pinakamasagwa sa mga masamang gawain at ito rin ang

pinakamatindi sa mga uri ng pagsisinungaling. Ang gantimpala nito ay ang Impiyerno sapagkat ang sabi ng Sugo (SAS):

من كذب علي متعمداً فليتبوأ مقعده من النار.

“Ang sinumang magsinungaling tungkol sa akin nang sinasadya ay lumuklok sya sa upuan niya sa Impiyerno.”
(Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.)

Inuudyukan tayo ng ating relihiyong Islam na itanim ang katapatan sa mga isip ng mga bata upang kalakihan nila ito. Ayon kay Abú Hurayrah (RA) ang Sugo (SAS) ay nagsabi:

من قال لصبي: تعال هاك، ثم لم يعطه فهي كذبة.

“Ang sinumang magsabi sa isang bata, ‘Halika ka tanggapin mo ito,’ at pagkatapos ay hindi niya ibinigay roon, ito ay isang pagsisisinungaling.”
(Isinalaysay ito ni Imám Ahmad.)

Hinimok ng Sugo (SAS) ang kanyang mga tagasunod na iwasan ang pagsisinungaling, kahit pa man nagbibiro lamang ang isang tao. Pinangakuan niya ng isang bahay sa gitna ng Paraiso ang sinumang umayaw sa pagsisinungaling, kahit pa man siya ay nagbibiro lamang. Nagsabi ang Sugo (SAS):

أنا زعيم بيت في وسط الجنة، لمن ترك الكذب وإن كان مازحا.

“Ako ay tagapaggarantiya ng isang bahay sa gitna ng Paraiso para sa sinumang umayaw sa pagsisinungaling, kahit pa man siya nagbibiro lamang.”
(Isinalaysay ito ni Imám al-Bayhaqí.)

Ang isang mangangalakal ay maaaring magsinungaling sa paghahayag ng kanyang paninda. Nagbabala na ang Sugo (SAS) laban doon. Nagsabi siya:

لَا يَحِلُّ لِمُسْلِمٍ بَيْعُ سُلْطَنَتِهِ يَعْلَمُ أَنَّا بِهَا دَاءٌ إِلَّا أَخْبَرَ بِهِ.

“Hindi ipinahihintulot sa isang Muslim na magtinda ng paninda na nalalaman niyang ito ay may sira, maliban kung ipinabatid niya ito.”

(Isinalaysay ni Imám al-Bukhári.)

Ang Pagiging Mapagkakatiwalaan

Ipinag-uutos ng Islam sa mga tagasunod nito na gampanan ang mga ipinagkatiwalang tungkulin at na isaalang-alang ng tao ang kanyang Panginoon sa bawat gawaing isinasagawa niya maliit man ang gawaing ito o malaki. Samakatuwid, ang isang tunay na Muslim ay mapagkakatiwalaan sa pagganap ng isinatungkulin sa kanya ni Allah at mapagkakatiwalaan sa pakikitungo niya sa mga tao.

Ang pagiging mapagkakatiwalaan ay na magsisigasig ang isang tao sa pagganap sa gawaing iniaatang sa kanya ayon sa pinakaganap na paraan. Nagsasabi si Allah (4:58):

﴿إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُكُمْ أَنْ تَرْدُوا الْأَمَانَاتَ إِلَى أَهْلِهَا، وَإِذَا حَكَمْتُمْ بَيْنَ النَّاسِ أَنْ تَحْكُمُوا﴾

[النساء: ٥٨]

“Tunay na si Allah ay nag-uutos sa inyo na gampanan ninyo ang mga ipinagkatiwalang tungkulin sa mga kinauukulan ng mga ito. At kapag humatol kayo sa mga tao ay humatol kayo ayon sa katarungan....”

Nagsabi naman ang Sugo (SAS):

لَا إِعْانَةَ لِمَنْ لَا أُمَانَةَ لَهُ

“Walang pananampalataya para sa sinumang hindi mapagkakatiwalaan...”

(Isinalaysay ito ni Imám Ahmad.)

Ang pagging mapagkakatiwalaan ay hindi ang tulad ng pagkakaunawa ng ilang tao na “pangangalaga sa mga ipinagkatiwala,” datapuwa’t ito ay higit na napakamasaklaw kaysa roon. Ang pagganap sa ipinagkatiwalang tungkulin ay na kailangang ang isang tao ay tapat sa lahat ng iniatang sa kanya na mga gawain o mga tungkulin, panrelihiyon man o di-panrelihiyon.

Ang Pagpapakumbaba

Ang tunay na Muslim ay nagpapakumbaba sa hindi panghahamak. At hindi nararapat kailanman para sa isang Muslim na magmalaki. Nagsabi si Allah (26:215):

﴿وَأَخْفَضَ جَنَاحَكَ لَمَنْ اتَّبَعَكَ مِنَ الْمُؤْمِنِينَ﴾ [الشعراء: ٢١٥]

“At ibaba mo ang loob mo para sa sumunod sa iyo na mga mananampalataya.”

Nagsasabi naman ang Sugo (SAS):

ما تواضع أحد الله إلا رفعه.

“Walang isang nagpakumbaba kay Allah na hindi Niya inangat ito.”

(Isinalaysay ito ni Imám Muslim.) Nagsabi pa siya (SAS):

إِنَّ اللَّهَ أَوْحَى إِلَيْيَ أَنْ تَوَاضَعُوا حَتَّى لا يَفْخُرَ أَحَدٌ عَلَى أَحَدٍ، وَلَا يَبْغِي أَحَدٌ عَلَى أَحَدٍ.

“Tunay na si Allay ay nagsiwalat sa akin na magpakumbaba kayo upang walang isa na magyayabang sa isa pa at walang isang mang-aapi sa isa pa.”

(Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

Kabilang sa mga tanda ng pagpapakumbaba ay ang pakikisama sa mga maralita at mga dukha, ang hindi pagmamataas sa kanila, ang pagiging masayahan sa harap ng mga tao, at na hindi ituturing ng isang tao ang kanyang sarili na mainam kaysa sa ibang mga tao. Ang Sugo (SAS) noon—gayong siya ang Propeta ng Sambayanang Muslim—ay nagwawalis ng kanyang bahay, naggagatas ng kanyang tupa, nagtagtagpi ng kanyang damit, kumakain kasama ng kanyang katulong, bumibili ng kanyang mga kailangan sa pamilihan, at nakikipagkamay sa malaki at maliit, at sa mayaman at maralita na mga mananampalataya.

Ang Pagkakaroon ng Hiya

Ang Pagkakaroon ng Hiya ay isa sa mga sangay ng Pananampalataya. Ang pagkakaroon ng hiya ay walang naidudulot kundi kabutihan, gaya nga ng sinabi ng Sugo (SAS) ayon sa isinalaysay nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim. Ang huwaran ng Muslim sa magaling na kaasalang ito ay ang Sugo ni Allah (SAS) yayamang siya ay matindi sa pagkakaroon ng hiya. Ayon sa sinabi ni Abú Sa‘íd: “...kapag nakakita siya ng isang bagay na kinasusuklaman niya malalaman namin iyon sa kanyang mukha.” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.)

Ngunit ang pagkakaroon ng hiya ng isang Muslim ay hindi dapat maging hadlang sa kanya na sabihin ang salita ng katotohanan, o na maghanap ng kaalaman, o na ipag-utos ang nakabubuti, o na sawayin ang nakasasama. Ang pagkakaroon ng hiya ay hindi pumigil kay Umm Sulaym na magsabi ng ganito: “O Sugo ni Allah, tunay na si Allah ay hindi nahihiya sa katotohanan, kaya tungkulin ba ng isang babae na maligo kapag siya ay dumanas ng *ihtilám*¹? ” Kaya nagsabi siya: “*Oo, kapag siya ay nakakita ng likido.*” (Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.)

Subalit ang hiya ay pipigil sa isang Muslim sa masamang mga gawain, o sa pagkukulang sa pagtupad ng mga gawaing itinalaga sa kanya, o sa pagbubunyag ng mga lihim ng mga tao at paggawa ng masama sa kanila.

Ang pagkakaroon ng hiya kay Allah ay lalong karapat-dapat. Ang tunay na mananampalataya ay nahihiya sa kanyang Tagapaglikha na lumalang sa kanya at nagdulot sa kanya ng mga biyaya. Nahihiya siya na magkulang sa pagtalima sa Kanya o magkulang sa pasasalamat sa Kanyang mga biyaya. Nagsabi ang Propeta (SAS):

فَاللَّهُ أَحَقُّ أَنْ يَسْتَحِي مِنْ النَّاسِ .

“...si Allah ang lalong karapat-dapat na kahiyaan ng mga tao.”

(Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhárí.)

¹ Ang *ihtilám* ay ang tinatawag sa Ingles na *wet dream*. Nangyayari ito kapag ang isang lalaki o babae ay nanaginip na nakikipagtalik.

Mga Kadusta-dusatang Kaasalan

Ang Kawalang-katarungan

Ang tunay na Muslim ay hindi pinagmumulan ng kawalang-katarungan sa kaninuman. Ang kawalang-katarungan ay ipinagbabawal sa Islam. Nagsabi si Allah (25:19):

﴿وَمَنْ يَظْلِمْ مِنْكُمْ نَدْقَهُ عَذَابًا كَبِيرًا﴾ [الفرقان: ١٩]

“...At ang sinumang lalabag sa katarungan mula sa inyo, patitikimin Namin siya ng malaking pagdurusa.”
Nasasaad sa Hadíth Qudsí na nagsabi si Allah:

يَا عَبَادِي إِنِّي حَرَمْتُ الظُّلْمَ عَلَى نَفْسِي وَجَعَلْتُهُ بِيْنَكُمْ مَحْرَمًا فَلَا تَظَالِمُوا

“O mga lingkod Ko, tunay na Ako ay nagbawal sa Aking sarili ng paglabag sa katarungan at ginawa Ko itong ipinagbabawal sa pagitan ninyo, kaya naman huwag kayong maglabagan sa katarungan....”

(Itinala ito ni Imám Muslim.)

Ang kawalang-katarungan ay tatlong uri:

1. Ang Kawalang-katarungan ng Tao sa Panginoon Niya

Ito ay sa pamamagitan ng pagtangging sumampalataya sa Kanya. Nagsabi si Allah (2:254):

﴿وَالْكَافِرُونَ هُمُ الظَّالِمُونَ﴾ [البقرة: ٢٥٤]

“At ang mga tumatangging sumampalataya ay ang mga lumalabag sa katarungan.”

Ito ay maaari ring sa pamamagitan ng Pagtatambal sa pagsamba kay Allah, sa pamamagitan ng pagbaling ng ilan sa mga pagsamba sa iba pa kay Allah. Nagsabi si Allah (31:13):

﴿إِنَّ الشَّرَكَ لِظُلْمٍ عَظِيمٍ﴾ [لقمان: ١٣]

“Tunay na ang Pagtatambal ay talagang mabigat na paglabag sa katarungan.”

2. Ang Kawalang-katarungan ng Tao sa Ibang Nilikha

Ito ay sa pamamagitan ng wala sa katuwirang pamiminsala sa kanila sa mga karangalan nila o sa mga katawan nila o sa mga ari-arian nila. Nagsabi ang Sugo (SAS):

كل المسلم على المسلم حرام: دمه وما له وعرضه.

“*Ang lahat ng nasa Muslim ay ipinagbabawal sa kapwa Muslim [na lapastanganin]: ang kanyang buhay, ang kanyang pag-aari, at ang kanyang karangalan.*”

(Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.) Nagsabi pa siya:

من كان عنده مظلمة لأخيه من عرض أو شيء فليحلله منه اليوم من قبل أن لا يكون دينار ولا درهم، إن كان له عمل صالح أخذ منه بقدر مظلمته، وإن لم يكن له حسنات أخذ من سينات صاحبه فحمل عليه.

“*Ang sinumang may nagawang kawalang-katarungan sa kanyang kapatid [sa pananampalataya]: sa ari-arian o karangalan ay humingi na siya ng paumanhin ngayon bago wala nang dinár ni dirham [na ipambahayad] kundi ang mga mabuting nagawa at ang mga masamang nagawa.*”

(Isinalaysay ito ni Imám al-Bukhári.)

3. Ang Kawalang-katarungan ng Tao sa Kanyang Sarili

Ito ay sa pamamagitan ng paggawa ng mga ipinagbabawal. Nagsabi si Allah (2:57):

﴿وَمَا ظَلَمُونَا وَلَكُنْ كَانُوا أَنفُسَهُمْ يَظْلِمُونَ﴾ [البقرة: ٢٥٧]

“...At hind nila Kami nagawan ng kawalang-katarungan, datapuwat sila ay sa kanila ng mga sarili gumagawa ng kawalang-katarungan.”

Samakatuwid, ang paggawa ng mga ipinbabawal ay kawalang-katarungan sa sarili sapagkat iyon ay nag-aanyaya sa parusa mula kay Allah.

Ang Inggit

Ang inggit ay kabilang sa mga kadusta-dustang kaasalan na kinakailangang ayawan ng isang Muslim sapagkat napaloloob dito ay ang isang pagtutol sa pamamahagi ni Allah ng mga biyaya sa kanyang mga lingkod. Sinabi Niya (4:54):

﴿أَمْ يَحْسُدُونَ النَّاسَ عَلَى مَا آتَاهُمُ اللَّهُ مِنْ فَضْلِهِ﴾ [النساء: ٤٥]

“O kinaiinggaan ba nila ang mga tao dahil sa ibinigay ni Allah sa mga ito mula sa Kabyang kagandahanhang-loob?...”

Ang inggit ay dalawang uri:

- Na hahangaring maglaho ang biyayang gaya ng kayamanan, o karunungan, o katungkuluan na tinatamasa ng iba upang makamtan niya;
- Na hahangaring maglaho ang biyayang tinatamasa ng iba kahit pa man hindi niya makamtan.

Nagsasabi ang Sugo (SAS):

إِيَّاكُمْ وَالْحَسَدُ، فَإِنَّ الْحَسَدَ يَأْكُلُ الْحُسْنَاتَ كَمَا تَأْكُلُ النَّارُ الْخَطْبَ أَوِ الْعَشْبَ.

“Kaingat kayo sa inggit sapagkat ang inggit ay lumalamon sa [gantimpala ng] mga mabuting gawa gaya ng paglamon ng apoy sa kahoy o damo.”

(Isinalaysay ito ni Abú Dáwud.)

Hindi bahagi ng inggit ang hangarin na magkamit ng biyayang tulad ng tinatamasa ng iba, nang walang paghahangad na maglaho ito sa iba.

Ang Pandaraya

Ang tunay na Muslim ay tagapayo ng kanyang mga kapatid. Wala siyang dinaraya ni isa man. Manapa'y iniiibig niya para sa kanyang mga kapatid ang naiibigan niya para sa kanyang sarili. Nagsasabi ang Sugo (SAS):

من غشنا فليس منا.

“Ang sinumang nandaya sa atin ay hindi kabilang sa atin.”

(Isinalaysay ito ni Imám Muslim.) Isinalaysay rin ni Imám Muslim na ang Sugo ni Allah (SAS) ay napadaan sa isang bunton ng [itinitindang] pagkain. Ipinasok niya ang kanyang kamay at nakapitan ang kanyang kamay ng pamamasa. Nagsabi siya: “*Ano ito, may-ari ng pagkain.*” Nagsabi ito: “Tinamaan po iyan ng ulan, Sugo ni Allah.” Nagsabi siya: “*Bakit hindi mo ito ilagay sa ibabaw ng [bunton ng] pagkain nang sa gayon ay makita ito ng mga tao? Ang sinumang nandaya sa atin ay hindi kabilang sa atin.*”

Ang Kapalaluan¹

Maaaring maging palalo ang isang tao dahil sa kanyang kaalaman at mag-uudyok iyan sa kanya na magmataas at manglait sa ibang mga tao o sa mga may kaalaman. Maaari ring maging palalo siya dahil sa kanyang kayamanan at magmalaki sa mga tao sanhi ng kadahilanang ito. Maaaring magiging palalo ang isang tao dahil sa kapangyarihan niya, o sa dami ng mga pagsamba niya at iba pang mga tulad nito.

Subalit ang totoong Muslim ay umiiwas sa kapalaluan at nagbababala laban dito. Inaalaala ng isang Muslim na walang nagpalabas kay Satanas sa Paraiso kundi ang kapalaluan nito sapagkat noong inutusan ito ni Allah na magpatirapa kay Adan ay nagsabi ito, ayon sa iniulat ng Qur'an (7:12):

﴿أَنَا خَيْرٌ مِّنْهُ خَلَقْتَنِي مِنَ النَّارِ وَخَلَقْتَهُ مِنِ الْطِينِ﴾ [الأعراف: ١٢]

“Ako ay higit na mainam kaysa sa kanya; nilikha Mo ako mula sa apoy samantalang nilikha Mo siya mula sa putik.”

Ito ang naging dahilan ng pagtataboy sa kanya mula sa awa ni Allah.

Ang lunas sa kapalaluan ay ang malaman ng tao na ang anumang ibinigay sa kanya ni Allah na mga biyaya sa ngayon, tulad ng karunungan, o kayamanan, o kalusugan at mga tulad nito, si Allah ay may kakayahang ding kunin ang mga ito sa alinmang sandali.

¹ Ang kayabangan na bunga ng mataas na pagtingin sa sarili.

Ang mga Pamamaraan ng Pagtamo ng Magandang Kaasalan

Walang pag-aalinlangan na ang pinakamabigat sa kalikasan ng tao ay ang pagbabago sa mga kaasalan na naitatak na sa pagkatao. Gayon pa man, iyon ay hindi napakahirap at impossible [na mabago]. Mayroong ilang mga kaparaanan at sari-saring mga pamamaraan na sa pamamagitan ng mga ito ay makakaya ng isang tao na makamit ang magandang kaasalan. Ang sumusunod ang ilan sa mga ito:

1. Ang Katumpakan ng Pinaniniwalaan

Ang kahalagahan ng pinaniniwalaan ay malaki. Ang pag-uugali, sa kadalasan, ay bunga ng tinataglay ng isang tao na mga kaisipan, ng pinaniniwalaan niyang paniniwala, at ng niyayakap niyang relihiyon. Pagkatapos, ang pinaniniwalaan ay ang pananampalataya mismo. Ang pinakaganap sa mga mananampalataya sa pananampalataya ay ang pinakamaganda sa kanila sa mga kaasalan.

Kaya kapag tumumpak ang pinaniniwalaan, gumaganda ang mga kaasalan alinsunod doon. Samakatuwid, ang tumpak na paniniwala ay naghahatid sa taong nagtntaglay nito sa marangal na mga kaasalan gaya ng pagkamapagbigay, katapanan, pagkamatimpin, katapangan at iba pa. Ito rin ang humahadlang sa kanya sa masamang mga kaasalan gaya ng pagsisinungaling, kasakiman, hangal na kapangahasanan, kamang-mangan at iba pa.

2. Ang Pananalangin

Ang pananalangin ay isang malaking pinto [tungo kay Allah]. Kapag nabuksan ito sa isang tao, magkakasunod-sunod ang pagdating sa kanya ng mga biyaya at mabubuhos sa kanya ang mga pagpapala. Kaya ang sinumang nagnanais na magtaglay ng marangal na mga kaasalan at nagnanais na mag-iwan ng masamang mga kaasalan ay dumulog siya sa kanyang Panginoon upang pagkalooban siya Nito ng magandang kaasalan at ilayo sa kanya ang masamang kaasalan. Ang pananalangin ay nakatutulong sa usaping ito at sa iba pa. Dahil dito, ang Propeta (SAS) ay madalas magsumamo sa kanyang Panginoon sa paghiling sa Kanya na pagkalooban siya ng magandang kaasalan. Nagsasabi siya noon ng ganito sa panalangin para sa pagpapasimula ng salah:

اللَّهُمَّ اهْدِنِي لِأَحْسَنِ الْخُلُقِ لَا يَهْدِي لِأَحْسَنِهَا إِلَّا أَنْتَ، وَاصْرِفْ عَنِّي سَيِّئَهَا إِلَّا أَنْتَ.

alláhummahdiní li ahsanil akhláq, lá yahdí li ahsanihá illá anta, wasrif ‘anní sayyi’ahá, lá yasrifu ‘anní sayyi’ahá illá anta.

O Allah, patnubayan Mo po ako sa pinakamaganda sa mga kaasalan, walang makapagpapatnubay sa akin sa pinakamaganda sa mga iyon kundi Ikaw; at ibaling Mo po palayo sa akin ang masama sa mga iyon, walang makapagbabaling palayo sa akin ng masama sa mga iyon kundi Ikaw.

Itinala ito ni Imám Muslim.

3. Ang Pagpilit sa Sarili

Ang pagpilit sa sarili ay nakatutulong nang malaki sa usaping ito. Ang sinumang magpilit sa sarili na magtaglay ng mga mabuting pag-uugali at magpilit dito sa pag-iwan sa mga masamang pag-uugali ay magkakamit ng maraming kabutihan at maaalis sa kanya ang kasamaang nangingibabaw. Ang mga kaasalan ay maaaring katutubong kalikasan at maaari ring natamo na nakakamtan sa pagsasanay at pagsasagawa. Ang pagpipilit ay hindi nangangahulugang pipilitin ng isang tao ang kanyang sarili nang isang beses o dalawa o higit pa, datapuwa't nangangahulugan ito na pipilitin niya ang kanyang sarili hanggang sa kamatayan. Iyan ay sapagkat ang pagpipilit sa sarili ay isang pagsamba. Si Allah ay nagsasabi (15:99):

﴿وَاعْبُدْ رِبَكَ حَتَّىٰ يَأْتِيَكَ الْيَقِينُ﴾ [الحجر: ٩٩]

“At sambahin mo ang iyong Panginoon hanggang sa datnan ka ng kamatayan.”

4. Ang Pagtutuos

Ito ay sa pamamagitan ng pagtuligsa sa sarili kapag nakagawa ito ng kadusta-dustang mga kaasalan at pag-udyok dito na huwag nang balikan pa ang mga kaasalang iyon sa iba pang pagkakataon.

5. Ang Pag-iisip-isip sa mga Epektong Ibinubunga ng Kagandahan ng Kaasalan

Tunay na ang kaalaman sa mga ibinubunga ng mga gawain at ang pagsasaisip sa magandang mga kahihinatnan ng mga iyon ay kabilang sa mga nagtutulak sa paggawa ng mga iyon, pagtulad sa mga iyon, at pagsisikap na gawin ang mga iyon.

6. Ang Pagtingin sa mga Kahihinatnan ng Kasamaan ng Kaaasalan

Iyan ay sa pamamagitan ng pagmumuni-muni sa idinudulot ng masamang kaasalan gaya ng walang katapusang dalamhati, kalakip na pighati, panghihinayang, pagsisisi, at pagkasuklam sa mga puso ng mga tao.

7. Ang Pag-iingat Laban sa Pagkawala ng Pag-aso na Maituwid ang Sarili

Ang pagkawala ng pag-aso ay hindi maganda para sa isang Muslim at hindi naaangkop sa kanya kailanman, datapuwa't ay nararapat sa kanya na palakasin niya ang pagpapasya niya, na magpunyagi siya na gawin niyang ganap ang sarili niya, at na magsikap siya sa pagtutuwid ng mga kapintasan niya.

8. Ang Pagpupumilit na Maging Magalakin at Masayahin at ang Pag-iwas sa Pagsimangot at Pag-ismid

Tunay na ang pagngiti ng tao sa harap ng kanyang kapwa Muslim ay isang pagkakawanggawa na ginagantimpalaan. Nagsabi ang Propeta (SAS):

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ .

“Ang iyong pagngiti sa harap ng iyong kapatid ay isang pagkakawanggawa mo.”

(Itinala ito ni Imám at-Tirmidhí) Nagsabi pa siya:

لَا تُخْفِرْ مِنَ الْمَعْرُوفِ شَيْءٌ، وَلَا أَنْ تُلْقِي أَخَاهُ بِوْجَهِ طَلاقٍ .

“Huwag ka ngang magmamaliit ng anuman sa [paggawa ng] nakabubuti, kahit lamang na salubungin mo ang iyong kapatid ng masayang mukha.”

(Isinalaysay ito ni Imám Muslim.)

9. Ang Pagpaparaya at ang Pagpapalampas sa Pagkakamali ng Iba

Ang pagpaparaya at pagpapalampas sa pagkakamali ng iba ay kabilang sa mga kaasalan ng mga dakila at mga kahanga-hangang tao. Ang dalawa ring ito ay kabilang sa mga nakatutulong sa pagpapanatili sa pagmamahalan, pag-akit ng pagmamahalan at paglibing ng alitan.

10. Ang Pagtitimpi

Ang pagtitimpi ay kabilang sa napakadakilang mga kaasalan at ang pinakahigit na tungkuling gampanan sa mga kamag-anakan. Ito ay ang pagpipigil sa sarili sa sandali ng pagsilakbo ng galit. Hindi isang kundisyon ng pagtitimpi na hindi na magagalit ang isang matimpiin; kapag kinubabaw siya ng galit sa sandali ng pagsalakay ng udyok nito ay pipigilin niya ito sa pagtangay sa kanya. Kapag ang isang tao ay nagtaglay ng katangian na pagkamatimpiin ay darami ang mga naghahalal sa kanya, mangangaunti ang mga nasusuklam sa kanya, at tataas ang kanyang kalagayan.

11. Ang Paglayo sa Pakikipagtalo sa mga Mangmang

Ang sinumang lumayo sa pakikipagtalo sa sa mga mangmang ay mapangangalagaan ang kanyang karangalan, matitiwasay ang kanyang sarili at makaiwas na makarinig ng anumang ikasasama ng loob. Nagsabi si Allah (7:199):

[٩٩] ﴿خُذِ الْعُفُو وَأْمُرْ بِالْمَعْرُوفِ وَأَعْرِضْ عَنِ الْجَاهِلِينَ﴾ [الأعراف: ٩٩]

“Tumanggap ka ng paumanhin, ipag-utos mo ang nakabubuti at layuan mo ang [pakikipagtalo sa] mga mangmang.”

12. Ang Pag-ayaw sa Panlalait

13. Ang paglimot sa mga Kapinsalaang Nalasap

Ito ay sa pamamagitan ng paglimot mo sa kapinsalaang ng gumawa sa iyo ng masama upang maalis sa iyong puso ang galit sa kanya at hindi ka maiilang sa kanya. Ang sinumang nakagugunita sa pamiminsala ng mga kapatid niya ay hindi magkakaroon ng wagas na pagmamahal sa kanila. Ang sinumang nakagugunita sa pamiminsala ng mga tao sa kanya ay hindi niya maiibigang mamuhay kasama nila. Kaya limutin mo ang makakaya mong kalimutan.

14. Ang Pagpapaumanhin, ang Pagpapalampas at ang Pagganti ng Kabutihan sa Kasamaan

Ito ay isang dahilan ng pagkakaangat ng antas. Dito makakamtan ang kapanatagan at ang pag-ayaw ng tao na gamutin ang ngitngit sa pamamagitan ng paghihiganti.

15. Ang Pagiging Mapagbigay

Ang pagiging mapagbigay ay kapuri-puri kung papaanong ang pagiging maramot ay kadusta-dusta. Ang pagiging mapagbigay ay umaakit sa pagmamahalan, nagtataboy sa pagkakagalit, nagdudulot ng magandang katanyagan at nagkukubli ng mga kapintasan at mga kakulangan.

16. Ang Pag-aso sa Gantimpalang Nasa kay Allah

Ang bagay na ito ay kabilang sa pinakamalaki sa mga nakatutulong sa pagkakamit ng mataas na mga kaasalan. Ito ay isa sa tumutulong sa pagkakaroon tiyaga't pagtitiis, pagpilit sa sarili, at pagtitiis sa pamiminsala ng mga tao. Kapag naniniwala nang may katiyakan ang isang tao na si Allah ay maggagantimpala sa kagandahan ng kanyang kaasalan at sa pagpilit sa kanyang sarili, tunay na siya ay magsisigasig sa pagtamo ng magandang mga kaasalan at magiging magaan sa kanya anumang pahirap na masusumpangan niya dahil doon.

17. Ang Pag-iwas na Magalit

Ito ay sapagkat ang galit ay parang isang baga na nagniningas sa loob ng puso, at nag-aanyaya sa karahasán, paghihiganti, at pagkamit ng kasiyahan sa pamamagitan ng dalawang ito. Kaya kapag kinontrol ng isang tao ang kanyang sarili sa sandali ng galit, mapangangalagaan niya ang kanyang sarili, ang kanyang karangalan at ang kanyang dignidad. Sa pamamagitan ng pagpipigil ng galit ay malalayo siya sa kahihiyan ng paghingi ng paumanhin at sa pagkahantong sa pagsisisi. Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "May dumating na isang lalaki at nagsabi ito: 'O Sugo ni Allah, tagubilinan mo po ako.' Nagsabi siya: '**Huwag kang magalit.**' Pagkatapo ay inulit nito [ang tanong] nang makailang ilit kaya nagsabi [uli] siya: '**Huwag kang magalit.**'"

18. Ang Pagtanggap ng Makahulugang Payo at Punang Nakatutulong

Kapag tinawagan ng pansin sa taglay na kakulangan ay kinakailangng obligahin ang sarili na layuan ang kakulangan na iyon. Samakatuwid, ang pagtutuwid sa sarili ay hindi maisasakatuparan sa pamamagitan ng pagmamaang-maangan sa mga kapintasan nito.

19. Ang Pagsasagawa ng sa Itinalagang Gawain alinsunod Ayon sa Pinakalubos na Paraan

Ito ay upang malayo siya sa sisi, sumbat at sa kahihiyan ng paghingi ng paumanhin.

20. Ang Pag-amin sa Kamalian Kung Nangyari ito at Pag-iingat Laban sa Pagmamatuwid Nito

Ito ay tanda ng kagandahan ng kaasalan at pagkatapos ay malalayo pa sa pagsisinungaling. Ang pag-amin sa kamalian ay isang mabuting ugali at nag-aangat sa dignidad ng isang tumatanggap ng kamalian.

21. Ang Pananatili sa Katapanan

Ang katapanan ay mayroong mga kapuri-puring resulta. Sa pamamagitan ng ay aangat ang halaga ng isang tao at tataas ang kalagayan niya. Ito ay nagliligtas sa tao sa kasalaulaan ng pagsisinungaling, sumbat ng budhi at kahihiyan ng paghingi ng paumanhin. Nangangalaga ito sa kanya laban sa pamiminsala ng tao sa kanya at sa pagkaalis ng tiwala sa kanya. Ito ay magdudulot din sa kanya ng karanganlan, katapangan at tiwala sa sarili.

22. Ang Pag-iwas sa Maraming Paninisi at Pagmumura sa Sinumang Nakagawa ng Masama

Ang maraming paninisi ay tapag-anyaya ng galit at saka ito ay tagapaghikayat ng away at dahilan upang makarinig ng nakasasakit sa damdamin. Samakatuwid, hindi pagagalitan ng isang matalinong may matinong pag-iisip ang kanyang mga kapatid sa bawat maliit at malaking pagkamali, sa halip ay maghahanap siya para sa kanila ng mga maidadahilan sa kamalian nila. Pagkatapos ay kapag mayroon talagang dahilan upang kakailanganing pagalitan sila, pagagalitan sila nang marahan at malumanay.

23. Ang Pagsama sa mga Mabubuting Tao at mga Taong mga May Magaling na mga Kaasalan

Ang bagay na ito ay isa sa pinakamalaking dahilan sa pagkahubog sa marangal na mga kaasalan at sa pagkintal ng mga ito sa sarili.

24. Ang Pagsasaalang-alang sa mga Alituntunin ng Mabuting Pakikipag-usap at Pakikisama

Isa sa mga alituntuning makabubuting isaalang-alang ay ang pakiking sa nagsasalita at ang pag-iwas na sabatin ito o pabulaanan ito o maliitin ito o iwan ito bago natapos ang pagsasalita nito. Kabilang din dito ang pagbati sa pagpasok at paglabas, ang pagbibigay puwang sa pagtitipon, na hindi patatayuin ng isang tao ang isa pang tao upang upuan ang inupuan nito, at na hindi paghihiwalayin ang magkatabi sa upuin kung walang kapahintulutan nila, at na hindi magbubulungan ang dalawang tao sa harap ng ikatlong tao.


25. Ang Pagpapanatili sa Pagbabasa sa Talambuhay ng Propeta (SAS)

Ang talambuhay ng Propeta (SAS) ay naglalahad sa harap ng nagbabasa nito ng pinakadakilang larawan ng magandang kaasalan na nalaman ng sangkatauhan at ng pinakaganap na patnubay at kaasalan noong nabubuhay pa siya.

26. Ang Pagtingin sa Talambuhay ng mga Marangal na Kasama ng Propeta (SAS)


27. Ang Pagbabasa ng Aklat hinggil sa Kaasalan

Tunay na ito ay nagbibigay-pansin sa tao sa marangal na mga kaasalan, nagpapaalaala sa kanya sa kabutihan nito at tumutulong sa kanya sa pagkamit nito. Ito ay nagbibigay-babala rin sa kanya laban sa masamang mga kaasalan at naglilinaw sa kanya sa kasamaan ng mga kahihinatnan ng masamang mga kaasalan at sa mga paraan upang maiwaksi ang masamang mga kaasalan.



طباعة الجديدة AL-HAYAT AL-JADIDA PRESS TEL: 4531000 FAX: 4532217

بيان



الأخلاق في الإسلام

المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الشا
هاتف: ٤٢٢٦٦٦٦ - ٢٠٠٦٢٠ - عنبر ٢٧٧٧ - الرياض ١١٤١٨

